タガログ語

Para sa mga manggagawa

# Nahihirapan ka ba sa trabaho?

## Labag sa batas ang hindi tamang pagtrato gaya ng pagtanggal sa trabaho atbp. dahil sa pagbuntis, panganganak, pagkuha ng childcare leave atbp.

⚠ **Maging hapon o dayuhang manggagawa (kahit anong visa), labag sa batas ang "pagtanggal sa trabaho dahil sa pagbuntis" !**

| | |
|---|---|
| Sinabihan ako na hindi papayagan ang maternity o child care leave | Sinabihan ako na kung gusto kong magtrabaho ng maikling oras, maging part-timer daw ako |
| Na-demote ako pagkatapos kumuha ng child care leave | Nabawasan ang sahod ko pagkatapos kumuha ng leave bago at matapos manganak |
| Pagkatapos kong ipaalam ang aking pagbuntis, sinabihan ako na hindi ako tutulungan magrenew ng visa | Tinanggal ako sa trabaho pagkatapos kong mag-absent dahil sa paggamit ng "Maternity health care measure" |

Halimbawa・・・

**Dahil sa ganitong kadahilanan**
- Pagbuntis, panganganak
- Nag-absent dahil sa morning sickness
- Kumuha ng leave bago at matapos manganak atbp.

➡

**Labags sa batas kapag ganito ang pagtrato!**
- Tinanggal sa trabaho
- Hindi pinayagan magrenew ng visa
- Binawasan ang sahod atbp.

Sabihin ng malinaw sa kumpanya na
"Nais kong bumalik sa trabaho pagkatapos manganak (childcare leave)!"

**Tingnan ang likod para sa impormasyon sa mga sistema na magagamit sa panahon ng pagbuntis at panganganak**

Sa karagdagan・・・

Mangyaring tingnan ang ibang leaflet kapag nakaranas ng harassment sa lugar ng trabaho

ひと、くらし、みらいのために
厚生労働省 Ministry of Health, Labour and Welfare
Employment Environment and Equal Employment Department (Office), Prefectural Labor Bureau

## Sistema na magagamit sa pagbuntis, panganganak, at pag-alaga ng bata*

### Sistema at panukala na magagamit ng mga babaeng mangagawa sa pagbuntis at panganganak

**◆Leave bago at pagkatapos manganak**
Maari kang mag-leave mula 6 linggo bago ang inaasahang araw ng panganganak. Hindi ka maaring magtrabaho sa loob ng 8 linggo pagkatapos manganak.

**◆Pagpalit sa magaan na trabaho**
Maari kang humiling na malipat sa magaan na trabaho habang buntis.

**◆Maternity health care measure**
Kapag sinabihan ka ng doctor sa regular na tsek up, mangyaring sabihin ito sa kumpanya upang magawan ng hakbang.

**◆Pagbabawal sa mapanganib na trabaho**
Hindi pinapayagan magtrabaho kung saan magbubuhat ng mabigat na bagay o may mga bumubugang nakalalason na gaas.

**◆Oras ng pag-aalaga ng bata**
Ang mga babaeng manggagawa na may anak na wala pang 1 taon gulang ay maaring kumuha ng karagdagan 30 minute na pahinga, 2 beses sa 1 araw bilang oras sa pag-aalaga ng bata.

**◆Limitadong mag-overtime, magtrabaho sa holiday at sa gabi**
Pwede kang humiling ng exemption sa overtime, trabaho sa holiday at sa gabi.

### Sistema at panukala (isang bahagi) na magagamit ng parehong lalaki at babaeng manggagawa sa pag-alaga ng bata

**◆Childcare leave**
Maari kang mag-leave hanggang sa araw na bago mag-1 taon ang iyong anak. Maari mo din hatiin sa 2 beses ang iyong leave.

**◆Childcare leave para sa tatay (Leave sa panganganak)**
Sa loob ng 8 linggo pagkatapos ipanganak ang bata, maaring kunin ang leave hanggang 4 na linggo. Maari mo din hatiin sa 2 beses, iba pa ito sa childcare leave.

**◆Mas maikling oras ng trabaho para sa pangangalaga ng bata**
Maaring magtrabaho ng mas maikling oras ang mga manggagawa na may anak na wala pang 3 taon gulang kung gusto ng manggagawa.

**◆Childcare leave kapag may sakit ang bata**
Ang mga manggagawa na may anak na wala pa sa elementarya ay maaring mag-leave at mag-alaga ng kanilang may sakit na anak, hanggang 5 araw sa 1 taon (10 araw kapag higit sa 2 ang bata), ito ay binibilang bawat 1 oras.

**◆Limitadong overtime**
Ang mga manggagawa na may anak na wala pang 3 taong gulang ay maaaring humiling ng exemption mula sa overtime.

*Pinasimple ang paliwanag ng sistema. Mangyaring makipag-ugnayan sa iyong kumpanya o sa Labor Bureau para sa detalye, halimbawa, ang mga requirement.

Mangyaring kumonsulta sa Employment Environment and Equal Employment Department (Office) ng Prefectural Labor Bureau tungkol sa detalyle ng Sistema, o kung may problema hinggil sa pagbuntis, panganganak, pagkuha ng childcare leave atbp.
Ang bawat konsultasyon ay puwedeng anonymous. Manantiling pribado ang detalye ng kumonsulta.
At, maari din kaming magbigay ng paliwanag tungkol sa batas at sistema sa inyong kumpanya kung kinakailangan.

### Listahan ng telepono ng Employment Environment and Equal Employment Department (Office), Prefectural Labor Bureau

| Prepektura | Telepono | Prepektura | Telepono | Prepektura | Telepono | Prepektura | Telepono |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Hokkaido | 011-709-2715 | Tokyo | 03-3512-1611 | Shiga | 077-523-1190 | Kagawa | 087-811-8924 |
| Aomori | 017-734-4211 | Kanagawa | 045-211-7380 | Kyoto | 075-241-3212 | Ehime | 089-935-5222 |
| Iwate | 019-604-3010 | Niigata | 025-288-3511 | Osaka | 06-6941-8940 | Kochi | 088-885-6041 |
| Miyagi | 022-299-8844 | Toyama | 076-432-2740 | Hyogo | 078-367-0820 | Fukuoka | 092-411-4894 |
| Akita | 018-862-6684 | Ishikawa | 076-265-4429 | Nara | 0742-32-0210 | Saga | 0952-32-7218 |
| Yamagata | 023-624-8228 | Fukui | 0776-22-3947 | Wakayama | 073-488-1170 | Nagasaki | 095-801-0050 |
| Fukushima | 024-536-4609 | Yamanashi | 055-225-2851 | Tottori | 0857-29-1709 | Kumamoto | 096-352-3865 |
| Ibaraki | 029-277-8295 | Nagano | 026-227-0125 | Shimane | 0852-31-1161 | Oita | 097-532-4025 |
| Tochigi | 028-633-2795 | Gifu | 058-245-1550 | Okayama | 086-225-2017 | Miyazaki | 0985-38-8821 |
| Gunma | 027-896-4739 | Shizuoka | 054-252-5310 | Hiroshima | 082-221-9247 | Kagoshima | 099-223-8239 |
| Saitama | 048-600-6210 | Aichi | 052-857-0312 | Yamaguchi | 083-995-0390 | Okinawa | 098-868-4380 |
| Chiba | 043-221-2307 | Mie | 059-226-2318 | Tokushima | 088-652-2718 | | |

Oras ng tanggapan：8：30 n.u.～5:15 n.h. (Maliban sa sabado, lingo, pista opisyal, katapusan at simula ng taon)

[Sumanguni]
Buod ng Batas sa Equal Employment Opportunity

Ingles　Intsik　Portugal　Byetnam　Hapon

令和５年３月作成 不利益取扱禁止（タガログ語）